Republic of the Philippines
Department of Education
REGION VII – CENTRAL VISAYAS
Division of City Schools – Tagbilaran City

**Office of the Schools Division Superintendent**

DIVISION MEMORANDUM
No. 473 , s. 2021

Oktubre 21, 2021

**PANAWAGAN SA MGA GURONG TAGASURI PARA SA REBYU AT ANOTASYON SA BERSIYON NG NOLI ME TANGERE AT EL FILIBUSTERISMO**

Para sa mga: Punongguro ng Sekundaryang Paaralan

1. Alinsunod sa Memorandum Panrehiyon Blg. 0953, s. 2021, ang Kagawaran ng Edukasyon sa pamamagitan ng Kawanihan sa Kagamitang Pampagtuturo ay magkakaroon ng proyektong Rebyu at Anotasyon sa Bersiyon ng Noli Me Tangere at El Filibusterismo.

2. Ang layunin ng proyekto ay ang magkaloob ng angkop na babasahing sanggunian ang mga guro sa Filipino 9-10 sa mga obra maestrang nobela ni Jose P. Rizal .

3. Ang kwalipikasyon ng gurong tagasuri ay ang mga sumusunod:

a. Hindi bababa sa limang taong karanasan sa pagtuturo ng Noli Me Tangere at El Filibustirismo, anumang posisyon;
b. Kung maari ay nagtapos ng graduwadong pag-aaral sa pagtuturo ng Filipino sa Panitikan/Araling Filipino;
c. Kung maari ay mayroong pag-aaral/saliksik/tesis kaugnay sa pagsusuri ng akdang Noli Me Tangere at el Filibustirismo;
d. May sapat na kaalaman sa buhay at obra ni Dr. Jose P. Rizal;
e. May sapat na karanasan at kasanayan sa pagsusuri ng mga nabanggit na obra;
f. May mga pagsasanay at palihan sa pagsusuri ng kagamitang pampagtuturo;
g. May pagsasanay at palihan sa Masinop na Pagsulat at Ortograpiyang Pambansa;
h. Taglay ang kawastuhan at katatasan sa pagsusuri sa paggamit ng wika sa kagamitang pampagtuturo;
i. May kaalaman at kasanayan sa MS Office tools at Google Suite applications;
j. Nakagagawa sa sarili gayundin kung may team na kasama.

**Address:** Dampas District, Tagbilaran City, Bohol
**Telephone Nos.:** (038)427-1702; (038)427-2506; (038)422-8177; (038)427-6718; (038)544-2147
**Email Address:** tagbilarancity.division@deped.gov.ph

4. Kaugnay nito, inaanyayahan ang mga gurong kwalipikado at nais maging gurong tagasuri na magsubmite via https://forms.gle/fvndKhBZppuetePe7 sa mga dokumentong kinakailangan :

a. Curriculum Vitae;
b. Isang pahina ng sulat na naglalahad ng pagnanais na maging bahagi ng nasyonal na gawaing pagsusuri ng bersiyon ng nasabing obra maestra;
c. E-copy ng abstract ng pag-aaral/saliksik/tesis kaugnay sa pagsusuri ng akda( kung mayroon);at
d. Sulat rekomendasyon mula punong-guro/superbisor o katumbas na pag-eendorso.

5. Para sa paglilinaw, mangyaring makipag-ugnayan kay :

**SHARON B. BUTI**
Senior Education Program Specialist
Bureau of Learning Resources-Production Division
Ground Flr. Bonifacio Building DepEd Complex
Meralco Ave., Pasig City
sharon.buti@deped.gov.ph
09228781511

6. Hinihiling ang maagap at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

**JOSEPH IRWIN A. LAGURA PhD**
Schools Division Superintendent
Office of the Schools Division Superintendent

DEPED TAGBILARAN CITY DIVISION
SDS OFFICE
DOWNLOADED
BY ____ DATE 10/21/21

Republic of the Philippines
Department of Education
REGION VII - CENTRAL VISAYAS

Office of the Regional Director

OCT 2 0 2021

REGIONAL MEMORANDUM
No. 0953, s. 2021

**PANAWAGAN SA MGA GURONG TAGASURI PARA SA REBYU AT ANOTASYON SA BERSIYON NG NOLI ME TANGERE AT EL FILIBUSTERISMO NG PAMBANSANG KOMISYONG KASAYSAYAN NG PILIPINAS BILANG BABASAHING SANGGUNIAN NG MGA GURO SA FILIPINO**

Para sa mga: Tagapamanihala ng mga Paaralan

1. Ang Kagawaran ng Edukasyon, sa pamamagitan ng Kawanihan sa Kagamitang Pampagtutro ay magkakaroon ng proyektong Rebyu at Anotasyon sa Bersiyon ng Noli Me Tangere at El Filibusterismo ng Pambansang Pangkasaysayan ng Pilipinas Bilang Babasahing Sanggunian ng mga Guro sa Filipino.

2. Layunin nito ang magkaloob ng angkop na babasahing sanggunian ng mga obra maestrang nobela ni Jose P. Rizal na Noli Me Tangere at El Filibusterismo para sa mga guro sa Filipino sa Baitang 9-10.

3. Kaugnay nito, inaanyayahan ng BLR ang mga gurong kwalipikado at elihible at nais maging gurong tagasuri sa nasabing gawain. Ang panawagang ito ay bukás sa lahat ng mga guro sa Filipinong nagtuturo ng Noli Me Tangere at El Filibusterismo.

4. Para sa karagdagang detalye, tingnan lang ang nakalakip na Memorandum.

5. Hinihiling ang maagap at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

**SALUSTIANO T. JIMENEZ JD, EdD, CESO V**
Direktor IV
Rehiyunal na Direktor

SEJ/CAE/CLMD/MJCD/cfp

**Address:** Doña M. Gaisano St., Sudlon, Lahug, Cebu City
**Telephone Nos.:** (032) 231:1433; (032) 414-7399
**Email Address:** region7@deped.gov.ph

Republic of the Philippines
**Department of Education**
UNDERSECRETARY FOR CURRICULUM AND INSTRUCTION

**MEMORANDUM**
**DM-OUCI-2021-455**

PARA SA/SA MGA : **Ministro, Ministeryo ng Batayan, Mas Mataas at Teknikal na Edukasyon ng BARMM**
**Panrehiyong Direktor**
**Tagapamanihalang Pansangay ng mga Paaralan**
**Tagapamuno/Punong-guro ng mga Paaralan**
**Iba pang Kinauukulan**

MULA KAY : **DIOSDADO M. SAN ANTONIO**
Pangalawang Kalihim ng Kurikulum at Pagtuturo

PAKSA : **PANAWAGAN SA MGA GURONG TAGASURI PARA SA REBYU AT ANOTASYON SA BERSIYON NG NOLI ME TANGERE AT EL FILIBUSTERISMO NG PAMBANSANG KOMISYONG PANGKASAYSAYAN NG PILIPINAS BILANG BABASAHING SANGGUNIAN NG MGA GURO SA FILIPINO**

PETSA : OKTUBRE 12, 2021

1. Bilang tugon sa tunguhin ng *Sulong Edukalidad* gayundin sa isinasaad ng Seksiyon 5 ng Batas Republika Blg. 10533 o *Pinabuting Batayang Edukasyon ng 2013* na mga simulain at pamantayang pangkurikulum, na ilang batayan din sa paglinang ng mga kagamitang sanggunian sa pagtuturo ng mga guro na: (1) makabuluhan, mapagtugon, at batay sa saliksik; (2) sensitibo sa kulturang Pilipino (maka-Pilipino); at (3) kontekstuwalisado–ang Kawanihan sa Kagamitang Pampagtuturo ay magkakaroon ng proyektong Rebyu at Anotasyon sa Bersiyon ng Noli Me Tangere at El Filibusterismo ng Pambansang Komisyong Pangkasaysayan ng Pilipinas Bilang Babasahing Sanggunian ng mga Guro sa Filipino.

2. Layunin nito ang magkaloob ng angkop na babasahing sanggunian ng mga obra maestrang nobela ni Jose P. Rizal na Noli Me Tangere at El Filibusterismo para sa mga guro sa Filipino sa Baitang 9-10.

3. Kaugnay nito, inaanyayahan ng BLR ang mga gurong kalipikado at elihible at nais maging gurong tagasuri sa nasabing gawain. Ang panawagang ito ay bukás sa lahat ng mga guro sa Filipinong nagtuturo ng Noli Me Tangere at El Filibusterismo.

4. Ang mga guro sa Filipino na magiging tagasuri ay dapat taglay ang sumusunod na kalipikasyon:

    a. Hindi bababa sa limang taong karanasan sa pagtuturo ng Noli Me Tangere at El Filibusterismo, anumang posisyon ay makalalahok;

b. Kung maaari ay nagtapos ng graduwadong pag-aaral sa pagtuturo ng Filipino o Panitikan/Araling Filipino;
c. Kung maaari ay mayroong pag-aaral/saliksik/tesis kaugnay sa pagsusuri ng akdang Noli Me Tangere at El Filibusterismo;
d. May sapat na kaalaman at pag-unawa sa buhay at obra ni Dr. Jose P. Rizal;
e. May sapat na karanasan at kasanayan sa pagsusuri ng mga nabanggit na obra;
f. May mga pagsasanay at palihan sa pagsusuri ng kagamitang pampagtuturo;
g. May pagsasanay at palihan sa *Masinop na Pagsulat at Ortograpiyang Pambansa;*
h. Taglay ang kawastuhan at katatasan sa pagsusuri sa paggamit ng wika sa kagamitang pampagtuturo;
i. May kaalaman at kasanayan sa MS Office tools at Google Suite applications; at
j. Nakagagawa sa sarili gayundin kung may team na kasama.

5. Lahat ng gurong interesado at nais na maging gurong tagasuri para sa gawaing ito ay dapat magpasa ng kanilang aplikasyon at magsumite nang Word o PDF na kopya ng sumusunod sa BLR para sa pagsusuri:
   a. Curriculum vitae;
   b. Isang pahina ng sulat na naglalahad ng pagnanais na maging bahagi ng nasyonal na gawaing ito na pagsusuri ng bersiyon ng nasabing obra maestra bilang babasahing sanggunian ng mga guro sa Filipino;
   c. E-copy ng abstract ng pag-aaral/saliksik/tesis kaugnay sa pagsusuri ng akdang Noli Me Tangere at El Filibusterismo (kung mayroon); at
   d. Sulat rekomendasyon mula sa punong-guro/superbisor, o katumbas na pag-eendoso.

6. Lahat ng mga kinakailangang dokumento ay dapat maisumite nang hindi lalampas sa **Oktubre 19, 2021** via https://forms.gle/fvndKhBZppuetePe7. Ang magsusumite pagkatapos ng petsang ito ay hindi na tatanggapin.

7. Lahat ng aplikasyon ay susuriin batay sa pagsunod sa mga tuntuning ibinigay. Hindi na susuriin ang mga kulang na dokumento. Ang mapipiling gurong mananaliksik ay agad na padadalhan ng komunikasyon.

8. Para sa paglilinaw at iba pang impormasyon, mangyaring makipag-ugnayan kay:


**SHARON B. BUTI**
Senior Education Program Specialist
Bureau of Learning Resources-Production Division
Ground Flr. Bonifacio Building DepEd Complex,
Meralco Ave., Pasig City
sharon.buti@deped.gov.ph
09228781511


9. Hinihiling ang maagap na pagpapalaganap ng Memorandum na ito.